

Ang Brampton Fire ngayon ay tumatanggap ng mga aplikasyon para sa gawad na halaga ng George Hitchcock

BRAMPTON, ON (Pebrero 5, 2021) – Ang mga residenteng interesado sa pagpapatuloy ng karera sa serbisyo ng bomber ay iniimbitahang mag-aplay para sa George Hitchcock Memorial Endowment Fund, na karaniwang kilalang ang George Hitchcock bursary.

Nilikha ng Brampton Fire and Emergency Services ang George Hitchcock Memorial Endowment Fund sa 2014 bilang parangal sa yumaong si Division Chief George Hitchcock, na naglingkod sa Brampton Fire and Emergency Services sa loob ng 33 taon. Siya ay pangunahin sa pagtatatag ng Fire/Life Safety Education Division, na instrumental sa pagbibigay ng edukasyon sa pagiging ligtas sa sunog sa libo-libong residente ng Brampton taon-taon. Pinasigla at nahikayat niya ang iba na pag-isipan ang mga karera sa mga serbisyo ng bombero.

Ang gawad na halaga ng George Hitchcock ay taon-taon na iniaalok sa mga indibidwal na interesadong magpatuloy sa karera sa mga serbisyo ng bombero. Ang gawad na halaga ay para sa mga bayarin sa tuition matapos ang sekondarya ng matagumpay na aplikante.

Para sa karagdagang impormasyon at para makakuha ng form ng aplikasyon, bisitahin ang www.bramptonfire.com.

Mga Kinakailangan

Para maging kwalipikado para sa pondo, ang mga aplikante ay kailangang matugunan ang sumusunod na panukatan:

- Ang indibidwal ay isang residente ng Brampton at isang Canadian citizen o nagagawang magtrabaho sa Canada
- Isang aplikante na nagpapatuloy sa Ontario Post-Secondary School diploma sa isang programa kaugnay ng sunog
- Ang mga aplikante ay kailangang lubos na nakakumpleto sa mga hinihingi na nakalista sa form ng aplikasyon
- Kailangang isumite ang mga aplikasyon bago lumipas ang deadline
- Matapos ang proseso ng interbyu, ang matagumpay na aplikante ay kailangang magbigay ng patunay ng pagtanggap sa isang programa ng Ontario Post-Secondary School

Proseso

Ang mga form ng aplikasyon ay makukuha online sa www.bramptonfire.com at kailangang isumite sa firelife@brampton.ca. Ang panahon ng aplikasyon ay magsasara sa Abril 1, 2021, o pagkatanggap ng 30 aplikasyon.

Ang mga napiling kandidato ay iinterbyuhin at isang aplikante ang pipiliin para sa gawad, na nagkakahalagang \$1,000, na diretsong babayaran sa takbo ng enrolment.

Mga Quote

“Hinihikayat ko ang kwalipikadong Bramptonians na interesadong ipagpatuloy ang karera sa mga serbisyo ng bombero na mag-aplay para sa gawad na halaga ng George Hitchcock. Ang Brampton ay isang Nakakalusog at Ligtas na Komunidad, at angating Fire and Emergency Services team ay gumaganap ng mahalagang tungkulin sa pagtiyak na protektado ang ating komunidad. Ipinagmamalaki ng Lungsod na suportahan bawat taon ang isang indibidwal na dedicated na gumawa ng kaibahan.”
- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang mga kawani ng Fire and Emergency Services ay walang pagod na nagsisikap para protektahan ang ating komunidad at panatilihin ligtas ang mga tao at ang propyedad. Ipinagmamalaki natin ang lahat ng nagsisikap tungo sa karera sa serbisyo ng bombero, at hinihikayat ang karapat-dapat na mga residente ng Brampton na mag-aplay para sa George Hitchcock Memorial Endowment Fund.”
- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Si Division Chief George Hitchcock ay maalab sa mga serbisyo ng bombero, at sa edukasyon sa kaligtasan sa sunog at ng buhay. Ang gawad na halagang ito ay iniaalok bilang pamana sa mahalagang mga kontribusyon na nagawa niya sa Brampton Fire. Nananabik kaming suportahan ang susunod na henerasyon ng mga naghahangad na maging bombero na nagdadala sa tradisyon ng katang-tanging serbisyo.”
- *Bill Boyes, Chief, Brampton Fire and Emergency Services*

“Ang ating team sa Brampton Fire and Emergency Services team ay gumaganap ng mahalagang papel sa pagpapasulong ng Term of Council Priority. Ang Brampton ay isang Nakakalusog at Ligtas na Lugar. Ang mga residenteng interesado sa pagpapatuloy ng karera sa serbisyo ng bombero na nagnanais na protektahan ang kanilang komunidad ay iniimbitahang mag-aplay sa gawad na halaga ng George Hitchcock.”
- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Gurvinder Singh
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-2028 | Gurvinder.A.Singh@brampton.ca